

Mga Panukalang-Batas ng Balota sa California sa Taong 2024 Para Sa Mga Komunidad ng Asyano-Amerikano at Pacific Islander (AAPI)

<https://www.sos.ca.gov/elections/ballot-measures/qualified-ballot-measures>

Proposisyon 2: NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO PARA SA MGA PASILIDAD NG PAARALANG BAYAN AT KOLEHIYONG PANGKOMUNIDAD.

- **Sumaryo:** Ang layunin ng proposisyong ito ay maglaan ng \$10 bilyon sa pangkalahatang obligasyong mga bono upang mapabuti ang mga paaralang bayan na K-12 (kabilang ang mga paaralang charter) at kolehiyong pangkomunidad. Nakatuon ito sa pagpapaganda ng lumang imprastraktura, pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan, at pagbibigay ng mas modernong mga silid-aralan para sa bokasyonal at STEM na edukasyon. Ang mga pondo ay ipapamahagi sa pamamagitan ng pagtutugma ng mga gawad, kung saan ang estado ay magbabayad ng mas malaking bahagi ng mga gastos para sa hindi gaanong mayayamang mga distrito at ang mga may mas mataas na bilang ng mga nag-aaral ng Ingles at mga foster youth.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Magpapasya ang iyong boto kung papayagan ang gobyerno na humiram ng \$10 bilyon upang magtayo ng mga bagong (o magpaganda) na mga kasalukuyang pasilidad para sa mga paaralang bayan at kolehiyong pangkomunidad.
- **Pagsusuri sa AAPI:**
 - Mas Mahusay na Oportunidad sa Pang-edukasyon: Makikinabang ang mga mag-aaral na AAPI mula sa pinahusay na mga kapaligiran sa pag-aaral, lalo na ang mga paaralan na nagsisilbi sa malaking bilang ng mga nag-aaral ng Ingles.
 - Pagtuon sa Kalusugan at Kaligtasan: Nagpapahintulot Ang Proposisyon 2 sa mga pondo na tugunan ang mga isyu tulad ng tingga sa tubig, na maaaring makaapekto sa mga mahihirap na komunidad, kabilang ang ilang mga karatig-pook na AAPI.
 - Karera at Teknikal na Edukasyon: Sa \$600 milyon na nakatuon sa karera at teknikal na edukasyon, ang mga estudyante na AAPI na interesado sa mga larangang ito ay maaaring makinabang mula sa pinalawak na mga pagkakataon sa mga sektor na may mataas na demand tulad ng teknolohiya at kalusugan na pangkalahatan.

Proposisyon 3: KARAPATAN SA KONSTITUSYON SA PAGKAKASAL.

- **Sumaryo:** Ang layunin ng proposisyong ito ay alisin ang wika sa Konstitusyon ng California na nagsasabi na ang pagkakasal ay sa pagitan lamang ng isang lalaki at isang babae. Bagama't legal ang kasal ng parehong kasarian sa California mula noong Hunyo 2013, hindi ito kasalukuyang makikita sa Konstitusyon ng California. Ang Proposisyon 3 ay naglalayong alisin ang hindi napapanahong wika na tumutukoy sa pagkakasal bilang sa tanging pagitan ng isang lalaki at isang babae.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Magpapasya ang iyong boto kung mababago ang wika sa Konstitusyon ng California o hindi upang ipakita ang kasalukuyang mga batas sa pagkakasal sa California. Walang aktuwal na pagbabago sa umiiral na batas.
- **Pagsusuri sa AAPI:**
 - Proteksyon sa Pagkakapantay-pantay ng Pagkakasal: Maraming AAPI na miyembro ng LGBTQ+ at kanilang mga kaalyado ang makikinabang sa pormal na pagkilala sa pagkakapantay-pantay ng pagkakasal, na tinitiyak na ang kanilang mga karapatan ay protektado anuman ang mga pagbabago sa gobyernong pederal.
 - Kahalagahan sa Kultura: Dahil ang mga istruktura ng pamilya ay may malalim na kahalagahan sa mga kultura ng AAPI, ang legal na pagpapatunay ng magkakaibang mga anyo ng pamilya, kabilang ang mga pagkakasal sa parehong kasarian, ay maaaring magsulong ng higit na pagtanggap sa loob ng mga komunidad na ito.
 - Intersectionality: Ang mga indibidwal na AAPI na nahaharap sa diskriminasyon sa lahi at LGBTQ+ ay maaaring makakita ng pinalakas na mga legal na proteksyon, na binabawasan ang mga kahinaan na kaugnay sa pagkiling na nakabatay sa pagkakakilanlan.

Proposisyon 4: NAGPAPAHINTULOT NG MGA BONO PARA SA LIGTAS NA INUMING TUBIG, PREBENSIYON NG SUNOG SA GUBAT AT KABUNDUKAN, AT PAGPROTEKTA NG MGA KOMUNIDAD AT NATURAL NA LUPAIN SA MGA PANGANIB NA KLIMA.

- **Sumaryo:** Ang layunin ng proposisyong ito ay isabatas ang Safe Drinking Water, Wildfire Prevention, Drought Preparedness, and Clean Air Bond Act ng Taong 2024. *Ang pag-isyu ng bono ay kapag ang isang pamahalaan ng estado, o isang lokal na yunit ng*

pamahalaan (lungsod, county, distrito ng paaralan), ay naglagay ng isang tanong sa harap ng mga botante bilang panukala sa balota, na humihiling sa kanila na aprubahan o tanggiin ang karagdagang iminungkahing paggasta. Ang Safe Drinking Water, Wildfire Prevention, Drought Preparedness, and Clean Air Bond Act ay magpapahintulot ng pag-iisyu ng mga bono sa halagang \$10 bilyon upang matustusan ang mga sumusunod na programa:

- \$3.8 bilyon para sa mga programa sa ligtas na inuming tubig, sa tagtuyot, sa baha, at sa water resilience (ang kakayahang makatiis at mabilis na makapagtalaas mula sa mga kalamidad na likas o gawa ng tao sa tubig at wastewater)
- \$1.5 bilyon para sa mga programa sa sunog sa gubat at kabundukan at sa pagbawi at katatagan ng kagubatan
- \$1.2 bilyon para sa mga programa sa coastal resilience (ang kakayahan ng isang komunidad sa baybayin na makapag bawi pagkatapos ng mga kaganapang mapanganib)
- \$450 milyon para sa mga programa sa pagpapabawa ng matinding init
- \$1.2 bilyon para sa proteksyon ng saribuhay at mga programang solusyon sa klima na nakabatay sa kalikasan
- \$300 milyon para sa mga programa sa mga sakahan, kabukiran at lupaing patanim na may kamalayan sa klima, likas-kaya, at matibay
- \$700 milyon para sa mga programa sa paglikha ng parke at sa pagdaan sa panlabas
- \$850 milyon para sa mga programa sa malinis na hangin
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Magpapasya ang iyong boto kung ang gobyerno ay maaaring humiram ng \$10 bilyon o hindi upang pondohan ang iba't ibang aktibidad na naglalayong pangalagaan ang mga likas na yaman, gayundin ang pagtugon sa mga sanhi at epekto ng pagbabago ng klima.
- **Pagsusuri sa AAPI:**
 - Magkakaroon ng proposisyong ito ng makabuluhang epekto sa mga kalunsuran tulad ng Los Angeles o Central Valley na may malalaking populasyon na AAPI sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mas magandang resulta sa kalusugan, pagbabawas ng polusyon sa hangin, at pagpapataas ng mga berdeng espasyo sa lungsod.
 - Susuportahan ng Proposisyon 4 ang mga pagsisikap sa katatagan ng klima na maaaring maprotektahan ang mga tahanan at negosyo mula sa mga natural na sakuna tulad ng mga wildfire at matinding init, na hindi katimbang na nakakaapekto sa mga komunidad na may mababang kita at minorya. Sa pangkalahatan, ang pagtuon ng bono sa patas na pag-access sa mga natural na espasyo at katatagan ng klima ay nag-aalok ng mga potensyal na benepisyo para sa mga residente na AAPI sa buong estado.

Proposisyon 5: NAGBIBIGAY-DAAN SA MGA LOKAL NA BONO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY AT PAMPUBLIKONG IMPRASTRATURA NA MAY 55% NA PAGSANG-AYON NG BOTANTE.

- **Sumaryo:** Ang layunin ng proposisyong ito ay magpapadali para sa mga lokal na pamahalaan na makakuha ng pag-apruba para sa pagpopondo ng abot-kayang pabahay at mga pampublikong proyektong pang-imprastraktura. Sa kasalukuyan, upang makapasa ng mga bono, $\frac{2}{3}$ ng mga botante ang dapat sumang-ayon. Ibinababa ng Proposisyon 5 ang pangangailangang iyon sa 55% para sa ilang partikular na proyekto, tulad ng pagtatayo ng mas abot-kayang pabahay o pagpapabuti ng mga kalsada at pampublikong pasilidad.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Magpapasya ang iyong boto kung ang ilang mga lokal na bono at mga kaugnay na buwis sa ari-arian ay maaaprubahan sa isang 55% na boto ng lokal na botante, sa halip na ang kasalukuyang dalawang-ikatlóng kinakailangan sa pag-apruba.
- **Pagsusuri sa AAPI:**
 - **Abot-kayang Pabahay:** Dahil sa mataas na halaga ng pabahay sa California, ang pagbaba sa limitasyon ng pag-apruba ng botante mula $\frac{2}{3}$ hanggang 55% para sa mga lokal na bono ay magiging mas madali para sa mga lungsod at gobyerno na makakuha ng pondo para sa mga proyektong abot-kayang pabahay. Makakatulong ito na matugunan ang mga isyu sa pagiging abot-kayang pabahay na kinakaharap ng mga pamilyang AAPI na mababa at katamtaman ang kita sa mga sentrong urban tulad ng Los Angeles at Bay Area.
 - **Pampublikong Impastraktura:** Mas madaling pondohan ng mga lokal na pamahalaan ang mga proyektong pang-imprastraktura gaya ng mga ospital, aklatan, at pampublikong transportasyon na magpapahusay sa mga kapitbahayan na AAPI.
 - **Pangangasiwa at Pananagutan:** Inuutos ng proposisyong ito ng mga independiyenteng pag-audit at mga komite sa pangangasiwa para sa mga naaprubahang bono, na maaaring mapahusay ang transparency (malinaw at bukas na komunikasyon ng impormasyon) at matiyak na ang mga pondo ay ginagamit sa responsableng pamamaraan para sa mga pampublikong proyekto na nakikinabang sa maraming magkakaibang komunidad.

Proposisyon 6: INAALIS ANG PROBISYON SA KONSTITUSYON NA NAGPAPAHINTULOT NG HINDI KUSANG-LOOB NA PAGKAALIPIN PARA SA MGA TAONG NAKAKULONG.

- **Sumaryo:** Ang layunin ng proposisyong ito ay alisin ang di kusang-loob na pagkaalipin bilang isang parusa para sa krimen, na kasalukuyang pinapayagan sa Konstitusyon ng California. Pipigilan ng proposisyon ang mga kulungan sa pagdidisiplina sa mga nakakulong na indibidwal na tumatangging magtrabaho, kahit na maaari pa rin silang makakuha ng mga kredito sa oras para sa pagpili na magtrabaho. Simula noong 2024, walong estado, kabilang ang California, ang may mga konstitusyon na kinabibilangan ng mga probisyon na nagpapahintulot sa hindi sinasadyang pagkaalipin, ngunit hindi pang-aalipin, bilang isang parusa sa krimen.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Magpapasya ang iyong boto kung ang hindi boluntaryong serbisyo ay aalisin bilang isang paraan ng parusa para sa isang krimen. Kung aalisin, ang mga kulungan ng estado ay hindi papayagang disiplinahin ang mga tao sa kulungan na tumatanggi ng trabaho.
- **Pagsusuri sa AAPI:**
 - Ang di kusang-loob na pagkaalipin ay pagpapatuloy ng pang-aalipin. Kung maipasa, sa wakas ay tatapusin ng California ang hindi boluntaryong serbisyo sa mga kulungan ng estado -- isa sa mga huling labi ng pang-aalipin.
 - Bagama't ang mga indibidwal na AAPI ay hindi gaanong madalas na nakakulong kumpara sa ibang mga pangkat ng lahi, ang mga isyu tulad ng sobrang pagpupulis, mga pagkulong na nauugnay sa imigrasyon, at mga pagkakaiba sa legal na representasyon ay maaaring makaapekto sa komunidad. Ang pagpasa ng Proposisyon 6 ay maaaring magpahiwatig ng pagbabago tungo sa mas pantay na pagtrato sa mga nakakulong na indibidwal, na makikinabang sa lahat ng grupo ng minorya. Makakatulong din ito sa pagtugon sa pagsasamantala sa paggawa at magbigay ng mas maraming pagkakataon sa rehabilitasyon, na nakikinabang sa nakakulong na populasyon na AAPI.

Proposisyon 32: PAGPAPATAAS NG PINAKAMABABANG SAHOD.

- **Buod:** Ang proposisyong ito ay naglalayong itaas ang pinakamababang sahod sa California sa mga sumusunod na paraan: para sa mga employer na may 26 o higit pang empleyado, itaas agad ang sahod sa \$17, \$18 sa Enero 1, 2025. Para sa mga employer na may 25 o mas kaunting empleyado, itaas ang sahod sa \$17 sa Enero 1, 2025, \$18 sa Enero 1, 2026. Sa bawat taon pagkatapos nito, ang pinakamababang sahod ay i-aangkop o ibabago upang makasabay sa halaga ng pamumuhay sa California.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**

- Ang boto mo ang magpapasya kung ang pinakamababang sahod ng estado ay magiging \$18 bawat oras sa 2026. Kung maipapasa ang proposisyong ito, ang pinakamababang sahod ay tataas bawat taon batay sa halaga ng pamumuhay.
- **Pagsusuri ng AAPI:**
 - Katatagan ng Ekonomiya: Maraming mga AAPI ang nagtatrabaho sa mga sektor tulad ng pangangalakal, pangangalaga, at serbisyong pagkain, kung saan ang mga sahod ay kadalasang mababa. Ang pinakamababang sahod na \$18 ay maaaring makatulong sa pagpapagaan ng problemang pinansyal na dulot ng pagtaas ng halaga ng pamumuhay; sa gayon, ito’y nakakadulot ng mas malaking kita at mas mapaunlad na kalidad ng pamumuhay.
 - Pagsuporta ng mga Pamilyang Imigrante: Malaking bahagi ng komunidad ng AAPI ay binubuo ng mga imigrante, at karamihan sa kanila ay naghahanapbuhay sa mga trabahong nagbabayad ng pinakamababang sahod. Ang pagtaas ng sahod ay maaaring makatulong sa mga imigrante sa pagsuporta sa kanilang sarili at sa kanilang buong pamilya.
 - Mga Pagbabago sa Merkado ng Trabaho: Ang mga maliliit na negosyo, tulad ng mga pinag-aarian ng mga AAPI, ay nahihirapan sa mataas na gastos ng pagtatrabaho. Maaari itong makakadulot ng pagbawas ng bilang ng kanilang mga empleyado, pagtaas ng presyo, at pati na rin ang pagsara ng kanilang negosyo.
 - Puwera ng Inflation: Kahit ang pagtaas ng sahod ay naglalayong labanan ang *inflation*, maraming naniniwala na makakaresulta ito sa pagtaas ng presyo ng mga produkto at serbisyo. Sa gayon, ito’y makakaapekto sa mga pamilyang AAPI na hindi lang mababa ang kita kundi nahihirapan na rin sa pamamahala ng mahigpit na badyet.

Proposisyon 33: PAGPAPALAWAK NG AWTORIDAD NG MGA PAMAHALAANG LOKAL SA PAGTATAG NG KONTROL SA RENTA NG MGA ARI-ARIANG PANTAHANAN.

- **Buod:** Ang proposisyong ito ay naglalayong bawiin ang mga bahagi ng *Costa-Hawkins Rental Housing Act*, na kasalukuyang naglilimita sa mga pamahalaang lokal mula sa pagsasabatas ng kontrol sa renta sa mga bahay at apartment na may iisang pamilya na itinayo pagkatapos ng 1995.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Ang boto mo ang magpapasya kung ililimita ng batas ng estado ang mga uri ng mga batas sa pag-kontrol ng renta na maaaring mayroon ang mga lungsod at teritoryo.
- **Pagsusuri ng AAPI:**

- Pagiging Abot-Kaya ng Gastos ng Pabahay: Maraming mga residenteng AAPI ang nakatira sa mga mauunlad na lugar tulad ng Bay Area, kung saan ang gastos ng pabahay ay lubos na tumataas. Ang Proposisyon 33 ay magbibigay-daan sa mga lungsod na ito na magtatag ng kontrol sa renta para sa mga bagong ari-arian at mga tahananang may iisang pamilya; sa gayon, maaari nitong mabawasan ang pagtaas ng renta ng mga nagrerenta na mga AAPI na nahihirapang bayaran ang gastos ng pabahay. Ito ay mahalaga lalo na sa mga lugar kung saan pinapaalis ang mga komunidad ng AAPI dahil sa pagtaas ng gastos ng renta at sa pagpasok ng mas mayayaman na mga residente.
- Proteksyon Para sa mga Nagrerenta na Mas Mababa ang Kita: Ang kontrol sa renta ay maaaring mag-alok ng higit na seguridad sa mga AAPI na nagrerenta, na marami sa kanila ay bahagi ng tahananang binubuo ng maraming henerasyon at/o nagtatrabaho sa mga industriyang mababa ang sahod na naapektuhan ng pagtaas ng gastos ng pabahay. Kung walang kontrol sa renta, ang mga pamilyang ito ay magiging mas mapanganib sa pagtaas ng renta na maaaring magpilit sa kanila na lumipat sa ibang lugar o kahit na umalis sa estado.
- Posibleng Kahinaan: Sa kabilang dako, ang mga tutol sa proposisyong ito ay nagpapahayag na ang pagpapalawak ng kontrol sa renta ay maaaring makahadlang sa mga debeloper na magtayo ng mga bagong pabahay; sa gayon, mas pinalala nito ang isyu ng kakulangan ng pabahay. Kung mangyayari ito, ang komunidad ng AAPI, kasama na ang mga ibang nagrerenta na mababa ang kita, ay maaaring makaharap ng mas kaunting mga opsyon sa pagpili ng mas abot-kayang pabahay sa katagalan.

Proposisyon 34: NILILIMITAHAN ANG PAGGASTOS NG MGA KITA SA INIRERSETANG GAMOT NG ILANG PARTIKULAR NA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYONG PANGKALUSUGAN.

- **Buod:** Kung aprubahan ng mga botante, idadagdag ng proposisyong ito ang Medi-Cal Rx sa batas ng estado, nang hindi binabago ang kasalukuyang paraan ng Medi-Cal sa pagbabayad ng mga gamot. Itataas ng Proposisyon 34 ang mga gastos ng estado upang ipatupad ang mga bagong restriksyon, na sasaklawin ng mga bagong bayarin na nabuo mula sa paglilisensya ng Medi-Cal Rx.
- **Konteksto:**
 - Ang Medi-Cal ay isang programang pederal-estado na nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga taong mababa ang kita. Noong 2019, itinataguyod ng estado ang isang planong tinawag na “Medi-Cal Rx” na tumutulong sa pagtitipid ng pera para sa mga programang sumasaklaw sa gastos ng mga kinakailangang gamot sa mas murang presyo. Ang Medi-Cal Rx ay wala sa batas ng estado, pero ito ang tinatanggap at ginagamit na paraan para magbayad ng mga gamot na

saklaw ng Medi-Cal. Upang maging kwalipikado sa mga mas murang presyo na ito, ang mga tagapagtustos ng serbisyong pangkalusugan ay dapat mga pampubliko o pampribadong *non-profit* na organisasyon na nakatuon sa paglilingkod sa mga taong nangangailangan.

- Ang mga organisasyong pangkalusugan na makakatugon sa sumusunod na mga kondisyon ay kailangang mag-alok ng hindi bababa sa 98% ng kita na kanilang nalikom sa California para sa direktang pangangalaga ng mga pasyente:
 - Nakikilahok sa mga programang pederal na nagbebenta ng mga gamot sa mas murang presyo.
 - Mayroon (o nagkaroon) ng lisensya sa California para mamamahala ng botika, klinika, o planong pangkalusugan, o nagkakaroon ng partikular na kontrata sa Medi-Cal o Medicare.
 - Sa loob ng sampung taon, gumastos ng higit sa \$100 milyon para sa mga plano o pakay na hindi kasali ang direktang pangangalaga ng mga pasyente.
 - Nagmamay-ari at namamahala (o dating nagmamay-ari at namamahala) ng mga yunit ng tirahan para sa higit sa isang pamilya na may 500 o pataas na paglabag, at ang antas ng kalubhaan ng paglabag ay “mataas”.
- Higit pa rito, ang Proposisyon 34 ay magpatupad ng apat na multa sa paglabag ng mga patakaran:
 - Sa loob ng sampung (10) taon:
 - ang organisasyon ay inatasan nang magbayad ng buwis sa California.
 - ang organisasyon ay bawian ng lisensya.
 - hindi na makatanggap ng mga kontrata o gawad ang mga organisasyon mula sa estado at pamahalaang lokal.
 - ang mga pinuno ng mga organisasyon ay hindi maaaring maglingkod ng posisyong pamumuno sa botika, klinika, o planong pangkalusugan sa California.

- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**

- Ang boto mo ang magpapasya kung dapat sundin ng mga partikular na organisasyong pangkalusugan ang mga bagong patakaran tungkol sa kung paano nila dapat gastusin ang kita na kanilang nalikom mula sa mga programang pederal na nagbebenta ng mga gamot sa mas murang presyo. Ang paglabag ng mga tuntuning ito ay magrerresulta sa mga multa, na karaniwang magtatagal ng sampung (10) taon.
- **Pagsusuri ng AAPI:** Sa proposisyong ito, mas malaking bahagi ng komunidad ng mga AAPI ang maaring makatanggap ng mahahalagang serbisyong pangkalusugan, lalo na para sa mga pamilyang mababa ang kita na umaasa lamang sa Medi-Cal o sa mga lokal na sentrong pangkalusugan. Tiniyak ng proposisyong ito na ang pondo ng pampublikong

pangkalusugan ay ginamit para sa mga pasyente at hindi para sa ibang gastos, tulad ng mga gastos sa pangangasiwa o sa suweldo ng mga pinuno ng organisasyon. Ito'y nakakapaunlad sa pangkalahatang katarungan at pagiging abot-kaya ng mga serbisyong pangkalusugan; sa gayon, tuwirang makakinabang ang mga populasyong AAPI na kadalasang hindi binigyan ng sapat na atensyon sa mga ganitong uri ng serbisyo at pangangalaga.

Proposition 35: NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PONDO PARA SA MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN NG MEDI-CAL.

- **Buod:** Ang Proposisyon 35 ay nagmumungkahi ng buwis sa mga planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga o *managed-care health plans (MCOs)* upang makalikom ng mga pondo para sa Medi-Cal, ang programang Medicaid ng California, na tumutulong sa mga residenteng mababa ang kita. Kung maipapasa, maglalaan ito ng malaking mapagkukunan upang (1) madagdagan ang mga *reimbursement* para sa mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, (2) mapabuti ang pagkuha ng pangunahin at espesyal na pangangalaga, at (3) masuportahan ang mga plano ng mga ahensyang pangkalusugan.
- **Konteksto:** Mahigit sa 14 milyong taga-California ang gumagamit ng Medi-Cal. Ang estado ay naniningil ng partikular na buwis sa mga planong pangkalusugan, kung saan ang kasalukuyang plano ay naniningil batay sa bilang ng mga tao na kanilang binigyan ng serbisyong pangkalusugan, kabilang na rito ang mga gumagamit ng Medi-Cal. Ang estado ay gumagamit ng mga buwis upang bayaran ang mga kasalukuyang gastos ng Medi-Cal at pati na rin upang palakihan ang pagpopondo para sa Medi-Cal at iba pang mga programang pangkalusugan. Ang buwis na ito ay bago lang inaprubahan noong 2023 at magiging balido lamang hanggang 2026, maliban na lang kung aprubahan ito muli ng Lehislatibo at pamahalaang pederal.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Ang boto mo ang magpapasya kung magiging permanente ang kasalukuyang buwis ng estado sa mga planong pangkalusugan na nagbibigay ng pagpopondo para sa iilang programang pangkalusugan. Ang mga bagong panuntunan ang magpasya kung paano dapat gamitin ng estado ang kita.
- **Pagsusuri ng AAPI:**
 - Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kalidad ng serbisyo at pagpapalakas ng pagkakaroon ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, maaaring mapahusay ng Proposisyon 35 ang sitwasyon ng komunidad ng AAPI sa pagkuha ng mga kritikal na serbisyong pangkalusugan, lalo na para sa mga imigrante at mga taong mababa ang kita. Ang pagtaas ng pagpopondo para sa pangunahing pangangalaga, espesyal na pangangalaga, at mga serbisyong pang-emerhensiya ay maaaring makatulong na matugunan ang mga kakulangan sa serbisyong

pangkalusugan sa loob ng komunidad ng AAPI. Sa gayon, tinitiyak nito ang higit na patas na pagkakaroon ng mapagkukunan ng serbisyong pangangalaga.

- Gayunpaman, may ilang mga grupong lumalaban para sa kalusugan ng AAPI, tulad ng California Pan-Ethnic Health Network, na nagpapahayag ng kanilang pagdududa na maaaring paghigpitan ng Proposisyon 35 ang pagbabadyet ng estado sa serbisyong pangkalusugan sa hinaharap. Kapag pinaghihigpitan ang pag-aalok ng pondo, maaaring mabawasan ang kapasidad ng estado na tugunan ang mga partikular na pangangailangan ng komunidad sa panahong magkukulang ang badyet. Sa gayon, maaaring maaapektuhan ang mga mapanganib na grupo, tulad ng mga AAPI na may mababang kita.

Proposisyon 36: NAGPAPAHINTULOT NG MGA KASONG FELONY AT PINAHABA ANG PARUSA NG IILANG MGA KRIMENG KAUGNAY SA DROGA AT PAGNANAKAW

- **Buod:** Ang proposisyong ito ay naglalayong pahabaan ang parusa ng mga partikular na krimeng kaugnay sa droga at pagnanakaw. Sa partikular, sa proposisyong ito, kilalanin bilang *felony* ang mga kaso kapag ang mga tao ay sangkot sa droga o nagnakaw ng nasa ilalim ng \$950 at mayroon na silang dalawang naunang kombiksyon para sa mga ganitong uri ng krimen. Ito rin ay nagpapakilala ng mas mahigpit na parusa, tulad ng mas mahabang panahon ng pagkakakulong para sa mga ulit-ulit nang nasasangkot sa mga krimeng kaugnay sa droga at pagnanakaw. Baguhin ng Proposisyon 36 ang Proposisyon 47, isang inisyatibong nakapaloob sa balota na ipinasa ng mga botante noong 2014 na nagpababa ng ilang mas mababang antas na mga krimen bilang mga *misdemeanor* (o maliit na kasalanan lamang) at nagtatag ng \$950 na limitasyon para sa mga krimeng pagnanakaw.
- **Ang Kahulugan ng Iyong Boto**
 - Ang boto mo ang magpapasya kung ang mga taong nahatulan ng ilang krimeng kaugnay sa droga o pagnanakaw ay makakatanggap ng mas malubhang parusa, tulad ng mas mahabang panahon ng pagkakakulong. Sa ilang partikular na kaso, ang mga taong nasasangkot sa ilegal na droga ay may interbensyon o programang dapat kumpletuhin; kung hindi, magsisilbi sila ng hanggang 3 taon sa bilangguan.
- **Pagsusuri ng AAPI:**
 - Mga Alalahanin sa Pamublikong Kaligtasan: Maaaring suportahan ng ilang komunidad ng AAPI, lalo na sa mga lugar na may mas mataas na paglaganap ng pagnanakaw, ang Proposisyon 36 bilang paraan ng pagbaba ng pagnanakaw tulad ng “smash-and-grabs” na nakaaapekto sa ilang mga kapitbahayan, kabilang na ang mga may negosyong AAPI.
 - Hustisyang Kriminal at Pagsesentensya: Gayunpaman, may ibang miyembro ng komunidad ng AAPI na tutol sa proposisyon dahil sa pagdududa tungkol sa

diskriminasyon batay sa lahi at sa pagpapapalakas ng sistemang pagkukulong. Tulad ng ibang mga grupong minorya, ang mga AAPI ay maaaring maging biktima ng diskriminasyon o kawalan ng hustisya sa pagsesentensya, na maaaring lumala sa loob ng mas mahigpit na mga batas.

- Mga Gastos Pang-Ekonomiya at Panlipunan: Ang posibilidad na magkakaroon ng mas mataas na insidente ng pagkukulong ay magpapahirap sa mga mapagkukunan ng komunidad at negatibong makakaapekto sa mga pamilya sa loob ng komunidad ng AAPI. Nag-alala ang iba na ang pondo para sa paggamot at rehabilitasyon, na kadalasang nakikinabang sa mga populasyon ng AAPI na mababa ang kita at mga imigrante, ay maaaring ilihis upang mabayaran ang mga karagdagang gastos sa pagkukulong.